# Papel-kaalaman
# ANO ANG AUTISM?

Kung sa tingin mo ay wala kang masyadong alam tungkol sa autism, hindi ka nag-iisa. Tinatanggap ka namin saan ka man magsisimula sa iyong paglalakbay patungo sa pagsasama-sama (inclusion) para sa autism.

## Ano ang autism?

Ang autism ay isang pagkakaiba sa neurological development na nagbabago sa paraan ng pakikipag-ugnayan ng isang indibidwal sa kapaligiran at mga tao dito.

## Mga karaniwang katangian at karanasan

Ang bawat Autistic na tao ay magkakaiba, ngunit ang mga karaniwang karanasan at katangian ng autism ay maaaring kabilang ang:

- Mga pagkakaiba sa komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa ibang tao
- Mga pagkakaiba sa aktibidad ng utak at mga paraan ng pag-iisip
- Matinding interes, hilig, kadalubhasaan sa paksa at pokus
- Mga pagkakaiba sa paraan ng pagpoproseso ng sensory information sa pamamagitan ng sensory system.

## Mga bagay na maaaring hindi mo alam tungkol sa autism

1. Ang mga tao ay ipinanganak na Autistic at Autistic habang buhay.
2. Ang bawat isa ay may iba't-ibang karanasan ng autism. May kanya-kanya itong natatanging hanay ng mga kalakasan at pangangailangan ng suporta na nag-iiba-iba sa iba't ibang bahagi ng buhay at sa iba't ibang panahon sa buong buhay nila.

## Top 3 takeaways

1. Ang autism ay isang pagkakaiba sa neurological development
2. Ang mga taong autistic ay maaaring magkaroon ng maraming kalakasan at gayundin ang pangangailangan ng suporta sa ilang mga aspeto ng kanilang buhay
3. Upang suportahan ang mga komunidad ng Autistic at autism maaari mong palaguin ang iyong kaalaman at pang-unawa. Makipag-ugnayan sa Office for Autism para sa karagdagang impormasyon.

Para sa karagdagang impormasyon,
makipag-ugnayan sa Opisina para sa Autism.
(08) 7133 7900
officeforautism@sa.gov.au
www.officeforautism.sa.gov.au



Government of South Australia
Office for Autism